ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# ISANG KOMPARATIBONG PAG-AARAL NG SARILING KAKAYAHAN SA PANANALIKSIK NG MGA MAG-AARAL SA EDUKASYON

**Juliet M. Nagrama[1], Benjie F. Salcedo, LPT[2]**
[1]*Student Researcher, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Philippines*
[2]*Research Adviser, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19836**
**DOI No: 10.36713/epra19836**

## ABSTRAK

*Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay upang matukoy kung may pagkakaiba ang sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral batay sa kasarian at lebel ng taon. Ang pag-aaral na ito ay ginamit ang kwantiteytib na pananaliksik at nasa uring deskriptibong komparatibo. Ang mga naging kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa programang edukasyon na nasa ikatlo at ika-apat na taon sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Gumamit ang mananaliksik ng talatanungan bilang instrumento sa pagkalap ng mga datos. Batay sa natuklasang resulta, lumabas na ang antas ng kakayahan sa pananaliksik batay sa kasarian at lebel ng taon ay parehong lubhang mataas. Bukod dito, natuklasan din sa pag-aaral na ang antas ng kakayahan sa pananaliksik ay walang pagkakaiba batay sa kasarian at lebel ng taon ng mga mag-aaral. Kaya, inirerekomenda ng mananaliksik na bigyang tuon ang panghihikaya't at pagpapaunlad ng sariling kakayahan ng mananaliksik ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng sa ganoon ay magkaroon sila nag mataas na pagtitiwala sa sarili hinggil sa pananaliksik. Bukod pa rito, inirekomenda ng mananaliksik na mabuting magsagawa ng mga progama at aktibidad hinggil sa pagpapatibay ng sariling kakayahan upang mas mapaunlad pa ang interes at motibasyon ng mga mag-aaral na pagtagumpayan ang isang pananaliksik.*

**MGA SUSING SALITA**: *research self-efficacy, mag-aaral ng programang edukasyon, deskriptibong komparatibo*

## INTRODUKSYON

Ang pag-aaral na ito ay ilalahad hinggil kung ano ang paniniwala ng mga mag-aaral tungkol sa kanilang sariling kakayahan hinggil sa pananaliksik. Ang sariling kakayahan sa pananaliksik o tinatawag na *research self-efficacy* ay mahalagang sangkap na maaaring makaapekto sa kung gaano kahusay natututo ang mga mag-aaral at kung gaano sila nagtitiwala sa kanilang sariling mga kakayahan. Ang mababang *self-efficacy* sa pagsasaliksik ay maaaring makaapekto sa kanilang pag-aaral, pagkatuto at kagustuhan na magkaroon ng pananaliksik. Kung ang isang mananaliksik ay naniniwala sa kanilang sarili at sa tingin nila ay magagawa nila nang maayos, mas makakamit nila ang kanilang mga layunin at makaramdam ng magandang pag-iisip. Ngunit kung minsan, ang mga estudyante ay nag-aalala at natatakot tungkol sa pagsasaliksik, na maaaring magduda sa kanilang sarili at hindi na gustong matuto o magsaliksik (Tiyuri et al., 2018).

Sa bansang Cambodia, kinakaharap ng mag-aaral ang kakulangan ng tiwala sa sariling kakayahan sa pananaliksik. Lumabas sa pag-aaral ng *Combodian Ministry of Education Ministry of Education, Youth and Sports* na may ulat na nagsasaad na ang mga mag-aaral ay dapat makitaan ng kakayahan na magsagawa ng pananaliksik. Dahil sa nakitaan ito ng kakulangan ng kakayahan sa pananaliksik at dapat makitaan ng pag-unlad sa aspetong pananaliksik. Samakatuwid ang mababang *self-efficacy* sa pagsasaliksik, ay nagdudulot ng walang kumpiyansa sa kanilang kakayahang magsagawa ng pananaliksik at nagdududa sa potensyal na tagumpay ng kanilang mga pagsisikap na maaring makaapekto sa akademikong pagganap (Seng et al., 2020).

Sa konteksto ng Pilipinas, isa sa mga hamon na kinakaharap ng mga *senior high school* ay ang pagkakaroon ng gawaing pananananaliksik na kung saan nakitaan ng kakulangan na kasanayan at kaalaman para harapin at mapagtagumpayan ang mga balakid at perspektiba na kasama ng mga aktibidad sa pananaliksik. Ang kawalan ng tiwala at kumpiyansa sa sarili ay nagdudulot ng ng epekto sa pagsasagawa ng pananaliksik at kahit sa pang-akademikong pag-unlad (Garrido, 2023).

Kung kaya, ang isyung ito ay nangangailangan ng maingat na pagsasaalang-alang. Makatutulong ito sa pagpapalakas ng kakayahan sa pananaliksik at sa kanilang paniniwala sa sarili. Sa larangan ng edukasyon, magiging gabay ito para sa guro at institusyon upang mas mapabuti ang kanilang mga paraan sa pagtuturo ng pananaliksik sa kurikulum. Bukod dito, sa antas ng Lipunan, ito ay makakatulong sa pag-unlad ng ekonomiya, pagsusulong ng pantay-pantay na edukasyon, at pagtugon sa patuloy na problema ng pagsasagawa ng pananaliksik. Sa pamagitan ng pagsasagawa ng isang komprehensibong pagkatuto makakukuha tayo ng impormasyon ukol sa mga problemang kinakaharap ng mag-aaral at ang kanilang paniniwala sa kakayahang tumuon sa pananaliksik sa ibang antas sa larangan ng edukasyon. Ang pangangailangang isagawa ang pananaliksik na ito ay napakahalaga, lalo na

kinakailangan na suportahan ang kakayahan sa pangangalap ng mga estudyante na mag-angkop sa pagbabago sa larangan ng edukasyon at tiyakin ang makabuluhang kinabukasan para sa Lipunan.

Nagkaroon ng maraming mananaliksik na dalubhasa sa pagsasagawa ng mga pag-aaral sa *research self-efficacy*. Gaya ng pag-aaral nina Nazari et., al (2020) na pinamagatang *" A Study of the Components of Research Self-efficacy in Postgraduate Students at Kermanshah University of Medical Sciences in 2018,"* habang ang isa pang pag-aaral na pinamagatang *"Research Self-efficacy among Business Education Students of a Higher Education Institutional in Northern Philippines"* (2023) ay nakatuon din sa paksang ito. Gayunpaman, nararapat na tandaan na wala sa pag-aaral na ito ang partikular na nagsuri ng *research self-efficacy* sa pananaliksik sa mag-aaral sa programang edukasyon. Dahil dito, may malinaw na pangangailangan para sa karagdagang pananaliksik na isasagawa upang maitampok ang mga kakayahan ng mga mag-aaral na kumuha ng programang edukasyon sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Layunin ng pag-aaral na ito ay maunawaan ang kahalagahan ng pananaliksik sa sektor ng edukasyon, partikular sa institusyon ng KCAST, sa pamamagitan ng pagsuri sa kakayahan ng mag-aaral sa pagsasagawa ng pananaliksik batay sa kanilang kasarian at antas ng taon. Mahalaga ang pananaliksik na ito dahil ipinapakita nito ang hamon na kinakaharap ng mag-aaral sa kasalukuyan pagdating sa pagbuo ng mga akademikong pagsusuri. Inaasahang makapagbibigay ng mahalagang pananaw kung ano ang natuklasan ng pag-aaral para sa susunod na hakbang ng institusyon at makakapukaw ng inspirasyon para sa mag-aaral na nagnanais magtagumpay sa larangan ng pananaliksik sa hinaharap, partikular sa mga nasa ikatlo at ikaapat na taon sa kolehiyo.

**Layunin ng Pananaliksik**

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa edukasyon.

Ang pag-aaral na ito ay tiyaking makakuha ng sagot sa sumusunod na mga layunin:

1. Alamin ang personal na impormasyon ng mga mag-aaral sa edukasyon batay sa kasarian at lebel ng taon.
2. Alamin ang sariling kakayahan sa pananaliksik ng Mag-aaral sa edukasyon batay sa:
   1.1 Praktikal na kakayahan sa pananaliksik
   1.2 Pagsusulat ng papel para sa publikasyon sa isang dyornal
   1.3 Kwalitatibong at kasanayang pangkompyuter
   1.4 Kasanayan sa disenyo ng pananaliksik
3. Alamin ang pagkakaiba ng kanilang sariling kakayahan sa pananaliksik batay sa kasarian at lebel ng taon.

**Haypotesis**

Ang *null haypotesis* na kung saan ay isusukat sa 0.5 na antas ng katiyakan ay nagsasaad ng walang pagkakaiba ang paniniwala sa kakayahang pananaliksik ng mga mag-aaral batay sa kanilang kasarian at lebel ng taon.

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Sa pag-aaral na ito ginamit ng mananaliksik ang kwantitatibong disenyo sa pamaraang deskriptibo-komparatibong pag-aaral kung saan susukatin at susuriin nito ang paniniwala ng mag-aaral sa pagsagawa ng pananaliksik. Para matukoy ang ugnayan sa pagitan ng baryabol sa pag-aaral nang sa gayon, makilala ang pagkakaiba sa pagitan ng mga grupo sa loob ng populasyon nang hindi binabago ang tanging baryabol, ginamit ng pananaliksik na ito ang isang kwantitatibong metodolohiya at isang deskriptibong komparatibo na pananaliksik. Dagdag pa, gagamitin din ng mananaliksik ang *adaptive* na talatanungan bilang instrumento sa paglikom ng datos na kinakailangan ng pananaliksik. Ang pamamaraang ito ay gagamitin upang kalkulahin at suriin ang mga baryabol upang makapagtala ng mga resulta. Ang pamamaraang ito ay tinukoy bilang proseso ng paglalarawan ng isang problema o penomena sa pamamagitan ng pagkolekta ng numerikong datos upang suriin ang gamit na instrumentong matematikal, partikular na ang estatistika (Apuke, 2017).

Sa pamamagitan ng deskriptibong-komparatibong metodo mas nabibigyang paliwanag ang naging resulta ng pagsusuri na kung saan mahahanap ang kaibahan ng paniniwala ng mga mag-aaral sa kakayahang magsagawa ng pananaliksik. Inilalarawan at nasusuri ang mga datos ng may mas malinaw at kongkretong pagpapakahulugan.

Isang deskriptibong-komparatibo ang pagsisiyasat na ito, dahil naglalayung tukuyin ang tumpak at sistematikong paglalarawan ng isang grupo, sitwasyon, o penomenon ngunit maari ring gumamit ang mananaliksik ng ibang paraan ng pananaliksik upang suriin ang isa o higit pang mga baryabol. Sa pamamaraang ito ay hindi kinokontrol o minamanipula ng mga mananaliksik ang mga baryabol, inoobserbahan at sinusukat o sinusuri lamang ang mga ito (McCombes, 2019).

Sa pag-aaral na ito, layunin nitong suriin at tukuyin ang mga kaibahan sa pagitan ng dalawang katangian ng grupong pag-aaralan sa pamamagitan ng deskriptibong-komparatibong pananaliksik. Batid nitong maunawaan ang malalim na kaugnayan ng baryabol at moderator sa pag-aaral. Ang pangunahing baryabol na tatalakayin ay ang paniniwala ng mag-aaral sa kakayahan nilang magsagawa ng pananaliksik. Kasama rito ang dalawang moderator; kasarian at antas ng taon. Sa ganitong paraan, layunin ng pag-aaral na ito na magkaroon ng mas malalim na kaalaman sa mga salik na maaaring makaapekto sa pananaw at paghahanda ng mag-aaral patungkol sa pananaliksik.

**Lokal na Pananaliksik**

Makikita sa bahaging ito ang maikli at espesipikong paglalarawan sa lugar o tagpuan kung saan gaganapin ang gagawing pananaliksik. Ang pananaliksik ay gagawin sa Barangay Maniki, Kapalong Davao Del Norte partikular sa Kapalong College of Agriculture Sciences, and Technology na kung saan nagmula ang respondante. Ang mga naging partisipante sa pag-aaral na ito ay ang mga piling mag-aaral sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

programang edukasyon mayoryang Filipino mula sa unang antas hanggang ikaapat ng KCAST.

**Populasyon at Sampol**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology. Ang mga kalahok ng pag-aaral na ipinakita sa talahayanayan 1 ay ang piling mga mag-aaral sa *3rd year* at *4th year* na nasa antas sa programang edukasyon na may kabuoang populasyon na 352. Hiningi ng mananaliksik ang bilang ng mga respondente sa bawat seksyon mula sa *registrar* upang maitala ang kabuoang bilang ng mga kalahok.

***Talahanayan 1***
***Distribusyon ng mga respondente***

| KURSO | LEBEL NG TAON | KASARIAN | POPULASYON | SAMPLE | PORSYENTO |
|---|---|---|---|---|---|
| ***BEED*** *Generalist* | *3rd Year* | *Female* | *48* | *25* | *7.13%* |
| | | *Male* | *10* | *5* | *1.49%* |
| | *4th Year* | *Female* | *15* | *8* | *2.23%* |
| | | *Male* | *0* | *0* | *0.00%* |
| ***BSED*** | | | | | |
| *Math* | *3rd Year* | *Female* | *30* | *16* | *4.46%* |
| | | *Male* | *14* | *7* | *2.08%* |
| | *4th Year* | *Female* | *20* | *10* | *2.97%* |
| | | *Male* | *13* | *7* | *1.93%* |
| *English* | *3rd Year* | *Female* | *59* | *31* | *8.76%* |
| | | *Male* | *21* | *11* | *3.12%* |
| | *4TH Year* | *Female* | *22* | *12* | *3.27%* |
| | | *Male* | *6* | *3* | *0.89%* |
| *Filipino* | *3rd Year* | *Female* | *47* | *24* | *6.82%* |
| | | *Male* | *13* | *7* | *1.93%* |
| | *4th Year* | *Female* | *29* | *15* | *4.31%* |
| | | *Male* | *5* | *3* | *0.74%* |
| | ***KABUOAN*** | | ***352*** | ***184*** | ***52.11%*** |

Sa isang proseso na kilala bilang stratified random sampling, isang random na sampol ang pinipili mula sa bawat stratum matapos hatiin ang populasyon sa mas maliit na mga grupo o *strata* batay sa mga kaugnay na salik tulad ng edad, kasarian, o kakayahan sa pag-aaral. Upang malaman ang pangkalahatang resulta, ang *stratified random sampling* ay maaring tiyakin na ang sampol ay sapat para sa bawat *subgroup* at kinakatawan ng bawat grupo ng populasyon. Kailangan maipakilala ang populasyon at dapat malaman ang mga kritikal na pamantayan para sa estratipikasyon upang magamit ang estratehiyang ito (Etikan & Bala, 2017).

Ipinakita sa Talahanayan 1 ang bilang, sampol at bahagdan ng mag-aaral sa programang edukasyon na nasa lebel ng *3rd year* at *4th year*, at ang kabuoang populasyon nila sa pangkalahatan. Sa 48 na kababaihan sa *3rd year generalist*, 25 na sampol ang nakalkula, samantalang sa kalalakihan mula sa 10, 5 na sampol ang nakalkula. Habang sa *4th year generalist* na kababaihan mula sa 15 ang magiging sampol ay 5 at 0 naman para sa kalalakihan. Gayundin sa *BSED Math 3rd year* na kababaihan mula sa 30 naging 16 ang sampol na ginalkula, habang sa kalalakihan ay mula sa 14, 7 na sampol ang nakalkula. Sa *BSED Math 4th year* na kababaihan mula sa 20, 10 na sampol at sa kalalakihan mula sa 13, 7 na sampol ang nakalkula. Samantalang sa *BSED English 3rd year* na kababaihan mula sa 59, 31 na sampol at sa kalalakihan mula 21, 11 na sampol ang nakalkula. Sa *BSED English 4th year* naman na kababaihan mula sa 22 na populasyon, 12 na sampol at mula sa kalalakihan na may 6 na populasyon ay 3 na sampol ang nakalkula. Sa *BSED Filipino 3rd year* na kababaihan mula sa 47, 25 na sampol ang nakalkula at sa kalalakihan mula sa 13 na populasyon 7 ang sampol na nakalkula. At para sa *BSED Filipino 4th year* na kababaihan mula sa 29 na populasyon 29 ang sampol at habang sa kalalakihan, mula sa 5 na populasyon 3 na sampol ang nakalkula. Ang pipiliin bilang mga sampol na bubuo sa pangkalahatang bilang 184 na mga respondente. Ang mga datos na ipinakita ay kinalkula gamit ang *Slovin's formula*.

**Instrumento ng Pananaliksik**

May pamamaraang ginamit sa pananaliksik una, ang talatanungan na ginamit para sa pagsasakatuparan sa tungkulin at talatanungan na ginamit para sa baryabol na *research self-efficacy*. Ang mga instrumentong ginamit para sa baryabol ay

mga talatanungang nakalap ng mananaliksik at ito ay pinag-aralan ng miyembro ng *panel* para sa *validation.*

Ang *Likert Scale* naman ang ginamit na panukat upang malaman ang lebel ng mga kalahok ayon sa sariling kakayahan ng mga mag-aaral sa pananaliksik. Ito rin ay binubuo ng isang pahayag o tanong, kasunod ng isang serye ng lima o walong mga pahayag na sagot. Ang *Likert Scale* ay nangangailangan ng indibidwal na pagsulat ng tsek sa kahon bilang tugon sa mga bilang ng tanong.

| Saklaw ng Paglalarawan | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.20-5.00 | Lubhang Mataas | Kung ang pagtukoy sa nasabing sariling kakayahan sa pananaliksik ay laging nagpapakita ng kumpiyansa sa sarili. |
| 3.40-4.19 | Mataas | Kung ang mga pagtutukoy sa sariling kakayahan sa pananaliksik ay madalas na ipinapakita ang kumpiyansa sa sarili. |
| 2.60-2.59 | Katamtaman | Kung ang pagtukoy sa mga aytem sa sariling kakayahan ay hindi gaanong ipinapakita ang kumpiyansa sa sarili. |
| 1.80-2.59 | Mababa | Kung ang pagtukoy sa mga aytem sa sariling kakayahan sa pananaliksik ay bihira lamang ipinapakita o nagaganap. |
| 1.00-1.79 | Lubhang Mababa | Kung ang pagtukoy sa mga aytem sa sariling kakayahan sa pananaliksik ay hindi kailanman ipinapakita o nagaganap |

**Pagkolekta ng Datos**
Sa pagkolekta ng datos, isinagawa ng mananaliksik ang sumusunod na hakbang:
**Pagbuo ng Talatanungan.** Sinuri ng mananaliksik ang mga talatanungang ginamit, na kinuha mula sa mga artikulo ng dyornal at kaugnay na pananaliksik sa *internet*, upang matiyak na maiuugnay ang mga ito sa mga baryabol na ginamit sa pag-aaral.

**Rebisyon at Balidasyon ng mga Talatanungan.** Matapos nabuo ang talatanungang ginamit, isinumite ito sa panel ng mga eksperto upang masuri at maikontekstwalisa tungo sa pag-aaral. Sinunod ng mananaliksik ang mga payo ng mga eksperto sa pagrebisa hangang sa ito ay mapayagang gamitin.

**Panghingi ng Pahintulot na magsagawa ng Pag-aaral.** Humingi ang mananaliksik ng permiso sa *KCAST College President* sa pamamagitan ng liham para sa gagawing pananaliksik.

**Distribusyon ng mga Talatanungan.** Matapos maibalidipika ang talatanungan at makonpirma ng panel na eksperto, ang instrumento ng pananaliksik ay agarang ibinigay sa kalahok sa pamamagitan ng personal na pagbibigay ng mga talatanungan na may kasamang permiso, at isinagawa na ng mananaliksik. Kinuha ng mananaliksik ang mga talatanungan mula sa respondante matapos sagutan ang lahat ng ito.

**Koleksyon at Tabulsyon ng mga Datos.** Matapos maisagawa ang sarbey, kinuha at sinuri ng mananaliksik ang instrumento ng pananaliksik upang maitala ang mga nakalap na tugon mula sa mga kalahok. Kasunod ay inalisa ang bawat estatistikal na datos at ang resulta ay nabigyang interpretasyon. Mula sa pinal na datos, binuo ang konklusyon, at ang rekomendasyon ay inilahad batay sa resultang nakamit ng pag-aaral.

**Estatistikal Tritment ng Datos**
Ang sumusunod na kagamitang estatistikal ay ginamit sa pagkalkula ng mga datos sa pag-aaral na ito lalo na sa pagsukat sa layunin ng mananaliksik na may antas ng katiyakan:

**Frequency and Percentage.** Ginamit ito sa *profiling* sa kasarian at antas ng taon ng mga mag-aaral sa edukasyon.
**Mean.** Ginamit sa pagtukoy sa sariling kakayahan sa pananalikik ng mga mag-aaral sa edukasyon.
**T-test.** Ito ay ginamit upang tukuyin ang pagkakaiba ng sariling kakayahan sa pananaliksik batay sa kasarian at lebel ng taon.

## RESULTA AT DISKUSYON

***Talahanayan 2***
***Personal na Impormasyon ng Mag-aaral batay sa Kasarian***

| *Sex* | *Frequency* | *Percentage* |
|---|---|---|
| *Lalaki* | *43* | *23.37%* |
| *Babae* | *141* | *76.63%* |
| ***Total*** | ***184*** | ***100.00%*** |

*Talahanayan 3*
***Personal na Impormasyon ng Mag-aaral batay sa Lebel ng Taon***

| *Year Level* | *Frequency* | *Percentage* |
|---|---|---|
| *3rd Year* | *126* | *68.48%* |
| *4th Year* | *58* | *31.52%* |
| ***Total*** | ***184*** | ***100.00%*** |

**Personal na Impormasyon ng mga Mag-aaral**
Ang sariling kakayahan sa pananaliksik ng mag-aaral sa edukasyon kapag pinangkat ayon sa kasarian. Sa mga babae, ang antas ng sariling kakayahan sa pananaliksik ay lubhang mataas at palaging ipinapakita. Habang ang antas ng sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga lalaki ay mataas at laging ipinapakita. Ipinapahiwatig nito na maayos na ipinakita ang kasanayan sa pananaliksik sa magkaparehong kasarian at nangangahulugan na walang pagkakaiba sa sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa edukasyon batay sa kasarian.

Ngunit, kapag pinagsama-sama ayon sa lebel ng taon sa ikatlo at ikaapat na taon, ang ikatlong taon ay nakakuha ng pinakamataas na lebel ito ay nangangahulugang na ang sariling kakayahan sa pananaliksik ay lubhang mataas at laging ipinapakita. Habang sa ikaapat na lebel ng taon ay lubhang mataas at laging ipinapakita, na ang ibig sabihin ay laging ipinapakita ang sariling kakayahan sa pananaliksik batay sa lebel ng taon. Ipinapahiwatig nito na ang ikatlo at ikaapat na lebel ng taon ay maayos na ipinakita ang kasanayan sa pananaliksik na maaring magdulot ng tagumpay sa pag-aaral.

Binibigyang-diin na kahit na maaring may ilang pagkakaiba sa mga paniniwala sa kakayahan sa pananaliksik, walang ebidensyang nagmumungkahi na ang isang kasarian ay may likas o mas lamang ang paniniwala sa kakayahan ng pananaliksik kaysa sa ibang kasarian. Iminungkahi nito na ang kasarian ay hindi pagbabatayan ng kasanayan ng isang tao sa pagsasagawa ng pananaliksik o pag-aaral (Wright et al., 2018).

Dagdag pa, ang mga matanda kabilang na ang nasa ikatlo at ikaapat na taon sa kolehiyo ay may kapani-paniwalang ebidensya ng pagiging epektibo sa sarili sa pananaliksik. Nangangahulugan lamang na walang pagkakaiba ang sariling kakayahan ng mga mag-aaral batay sa lebel ng taon (Camara et al., 2021).

*Talahanayan 4*
***Antas Ng Sariling Kakayahan Sa Pananaliksik Ng Mag-Aaral Batay Sa Praktikal na Kasanayan sa Pananaliksik***

| *Praktikal na Kasanayan sa Pananaliksik* | *Mean* | *Deskripsyon* |
|---|---|---|
| *1. Naglalaan ako ng oras para sa aking pananaliksik* | *4.49* | *Lubhang Mataas* |
| *2. Nauunawaan ko kung paano hihingi ng tulong hinggil sa pananaliksik* | *4.33* | *Lubhang Mataas* |
| *3. Nagtatala ako ng impormasyon habang isinasagawa ang isang proyektong pananaliksik* | *4.37* | *Lubhang Mataas* |
| *4. Nangangalap ako ng sapat na bilang ng mga kalahok para sa isang pag-aaral na pananaliksik* | *4.42* | *Lubhang Mataas* |
| *5. Maipangtatangol ko ang aking isinagawang pananaliksik* | *4.37* | *Lubhang Mataas* |
| ***KABUOAN*** | ***4.40*** | ***Lubhang Mataas*** |

*Talahanayan 5*
***Antas Ng Sariling Kakayahan Sa Pananaliksik Ng Mag-Aaral Batay Sa Pagsusulat ng Papel para sa Publikasyon sa isang Dyornal***

| *Pagsusulat ng Papel para sa Publikasyon sa isang Dyornal* | *Mean* | *Deskripsyon* |
|---|---|---|
| *1. Nagsusulat ako ng mga bahagi ng introduksyon at diskusyon para sa isang papel na pananaliksik na gagamiting isang publikasyon* | *4.34* | *Lubhang Mataas* |
| *2. Nagsusulat ako ng seksyon ng diskusyon para sa isang tesis o disertasyon* | *4.24* | *Mataas* |
| *3. Nagsusulat ako ng mga seksyon ng paraan at resulta ng isang disertasyon o tesis* | *4.23* | *Mataas* |
| *4. Nagsusulat ako ng mga seksyon ng paraan at resulta para sa isang papel na pananaliksik na gagamiting publikasyon* | *4.19* | *Mataas* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| 5. *Sinusuri ko ang mga literatura sa isang larangan ng interes sa pagsasaliksik* | *4.35* | *Lubhang Mataas* |
| ***KABUOAN*** | ***4.27*** | ***Lubhang Mataas*** |

***Talahanayan 6***
***Antas ng Sariling Kakayahan sa Pananaliksik ng Mag-Aaral Batay sa Kwantitatibo at Kasanayang Pagkompyuter***

| *Kwantitatibo at Kasanayang Pagkompyuter* | *Mean* | *Deskripsyon* |
|---|---|---|
| 1. *Gumagamit ako ng mga iba't ibang software application para sa pananaliksik* | *4.46* | *Lubhang Mataas* |
| 2. *Inuunawa ko ang mga computer printouts para sa pananaliksik* | *4.38* | *Lubhang Mataas* |
| 3. *Iniiwasan ko ang paglabag sa mga pangangailangan ng estatistika* | *4.52* | *Lubhang Mataas* |
| 4. *Alam ko kung aling tool ang gagamitin para sa pagsusuri* | *4.37* | *Lubhang Mataas* |
| 5. *Sumusulat ako ng mga programang estatistika sa kompyuter* | *4.21* | *Mataas* |
| ***KABUOAN*** | ***4.39*** | ***Lubhang Mataas*** |

***Talahanayan 7***
***Antas ng Sariling Kakayahan sa Pananaliksik ng Mag-Aaral Batay sa Kasanayan sa Disenyo ng Pananaliksik***

| *Kasanayan sa Disenyo ng Pananaliksik* | *Mean* | *Deskripsyon* |
|---|---|---|
| 1. *Sinusuri ko ang mga siyentipikong haypotesis* | *4.29* | *Lubhang Mataas* |
| 2. *Pagkontrol sa mga baryabols na nakaka-apekto sa kahusayan ng mga resulta ng pananaliksik* | *4.28* | *Lubhang Mataas* |
| 3. *Pagpili ng matibay at may kahusayang mga instrument* | *4.36* | *Lubhang Mataas* |
| 4. *Pinipili ko ang angkop na paksa para sa pagsusuri* | *4.43* | *Lubhang Mataas* |
| 5. *Binubuo ko ang mga agham na haypotesis* | *4.22* | *Lubhang Mataas* |
| ***KABUOAN*** | ***4.40*** | ***Lubhang Mataas*** |

**Antas ng Sariling Kakayahan sa Pananaliksik**

Ang baryabol na pinag-aralan ay ang sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa edukasyon sa ikatlo at ikaapat na baitang sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology. Ang antas ng sariling kakayahan sa pananaliksik ayon sa lebel ng taon at kasarian ay lubhang mataas at laging naipapakita. Ipinapahiwatig nito na ang sariling kakayahan ng mag-aaral sa ikatlo at ikaapat na taon sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology ay maayos na naipamalas batay sa kanilang kasarian at lebel ng taon, na maaring magdulot ng tagumpay sa isang pananaliksik.

Karagdagan, ang resulta ay katulad sa pag-aaral nina Poe et al. (2019) ang mga mag-aaral na may mataas na *self-efficacy* ay nagpapakita ng tiwala sa kanilang kakayahan, nagtataglay ng malakas na mga kasanayan sa pagsisiyasat, at may posibilidad na makamit ang higit na tagumpay sa kanilang mga pagsisikap sa pananaliksik.

Sinusuportahan din ito nina Hill et al. (2022) ayon sa kanilang pag-aaral ang mag-aaral na may mas mataas na *self-efficacy* ay mas sinusubuk ang mas mahihirap na gawain, nagtitiyaga ng mas matagal, at nagpapakita ng mas epektibong mga pamamaraan sa mga akademikong pagsisikap, na nagreresulta sa mas magandang pagganap sa akademiko. Nagmumungkahi ito ng matibay na pundasyon para magtagumpay sa pananaliksik.

Bukod dito, sinang-ayunan din ni Wahome (2024) ang ideyang ito sa kanyang pag-aaral. Ayon sa kanya, ang mga mag-aaral na may mataas na *self-efficacy*, mas malamang na magtakda ng matataas na layunin para sa sarili at paninindigan ang mga ito. Naniniwala makakahanap ng mga solusyon kapag may mga problemang dumating. Higit pa, mas may tendensiyang hamunin ang kanilang sarili sa mga mahihirap na gawain gaya ng pananaliksik at magkaroon ng likas na pagganyak. Ang mag-aaral na ito ay maglalaan ng mataas na antas ng pagsisikap ang mga mag-aaral na may mataas na *self-efficacy* ay mabilis na makababawi mula sa mga pagkabigo, at sa huli, malamang ang personal na layunin ay makamit.

Sa kabilang banda, ang antas ng sariling kakayahan ng pananaliksik sa praktikal na kasanayan sa pananaliksik ay inilarawan na laging naipapakita ang kumpiyansa. Nagpapahiwatig ito na nakatutulong ang praktikal na kasanayan sa pananaliksik para magkaroon ng mataas na pagpapahalaga sa kakayahan sa pananaliksik. Mahahalintulad ito sa pananaliksik na ginawa nina Lacson et al. (2018), ayon

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

dito ang pagsasama ng pananaliksik bilang isang paksa at paraan ng pag-aaral, ay isang paraan upang mapahusay ang kritikal na kakayahan sa pag-unawa, mga kasanayan sa pagsusuri ng problema, at kasanayan sa komunikasyon. Bukod pa rito, ang pagsasama ng pananaliksik sa kurikulum ay naglalayong bigyan ng kapangyarihan ang mag-aaral na makabuo at maglahad ng kaalaman sa iba't ibang larangan ng kanilang interes, na sa huli ay sinasangkapan sila upang maging praktikal na mga mananaliksik at epektibong mga tagaresulba ng problema sa loob ng kanilang komunidad. Dagdag pa, sa pamamagitan ng kaalamang ito ay nakalilikha ng mas maayos na daloy sa pagsasagawa ng isang pananaliksik. Samakatuwid, kung magiging sapat ang kaalaman ng isang mananaliksik sa praktikal na kasanayan sa pananaliksik nabibigyan nito ng mataas na kumpiyansa ang mga mag-aaral hinggil sa kanilang sariling kakayahan sa pananaliksik.

Sa huli, ipinakita ng mga resulta na ang sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral sa ikatlo at ikaapat na taon ng edukasyon ay mataas na nangangahulugang laging ipinapakita ang tagapagpahiwatig sa mga sumagot. Ito ay kaayon sa pananaliksik nina Serrano (2022) sa pananaliksik na ito, sa pamamagitan ng kanyang pag-aaral na natuklasan na ang mas pinakamatas na mga saloobin tungo sa pananaliksik ay malaki ang naitulong sa pagpapalakas ng mga kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral, kasama ang tulong ng mga datos na nainterpreta.

***Talahanayan 8***
***Kabuoan ng Antas ng Kakayahan sa Pananaliksik ng Mag-aaral***

| *Indikeytor* | *Mean* | *Deskripsyon* |
|---|---|---|
| *Praktikal na kakayahan sa pananaliksik* | *4.40* | *Lubhang Mataas* |
| *Pagsusulat ng papel para sa publikasyon sa isang dyornal* | *4.27* | *Lubhang Mataas* |
| *Kwalitatibong at kasanayang pangkompyuter* | *4.39* | *Lubhang Mataas* |
| *Kasanayan sa disenyo ng pananaliksik* | *4.40* | *Lubhang Mataas* |
| ***KABUOAN*** | ***4.36*** | ***Lubhang Mataas*** |

***Talahanayan 9***
***Pagkakaiba ng Kanilang Sariling Kakayahan sa Pananaliksik Batay sa Kasarian at Lebel Ng Taon***

| *Variable* | | *Kakayahan Sa Pananaliksik* | | | | *Decision* $\alpha = 0.05$ |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | *Mean* | *SD* | *t-value* | *P-Value* | |
| ***Kasarian*** | *Lalaki* | *431* | *0.47* | *-0.852* | *.395* | $\boldsymbol{H_0}$ ***Accepted*** |
| | *Babae* | *4.38* | *0.45* | | | |
| ***Taon*** | *3rd Year* | *4.32* | *0.49* | *-1.898* | *.059* | $\boldsymbol{H_0}$ ***Accepted*** |
| | *4th Year* | *4.46* | *0.35* | | | |

**Pagkakaiba ng Sariling Kakayahan sa Pananaliksik batay sa Kasarian**

Ang resulta ay nagpapakita na ang sariling kakayahan sa pananaliksik batay sa kasarian ay walang pagkakaiba. Ibig sabihin ang kasarian ng respondante ay hindi nakaiimpluwensya sa paniniwala sa kakayahan sa pagsasagawa ng pananaliksik. Batay sa pagsusuri nina Wright et al. (2018) ang kasarian ay binibigyang-diin na kahit na maaring may ilang pagkakaiba sa mga paniniwala sa kakayahan sa pananaliksik, walang ebidensyang magmumungkahi na ang isang kasarian ay may likas o mas lamang ang paniniwala sa kakayahan ng pananaliksik kaysa sa ibang kasarian. Sinusuportahan ito ni Lachance (2020) sa paraan ng pagsaliksik sa iba't ibang aspeto ng pananaliksik at nakita na walang pagkakaiba sa kakayahan ng pananaliksik ang bawat kasarian.

Ayon naman nina Halpren at Wai (2019), napatunayan nilang walang pagkakaiba sa pagitan ng mag-aaral na lalaki at babae sa kanilang sariling kakayahan sa pananaliksik. Ginamit niya ang pamaraang pagsusuri at mga pag-aanalisa para masuri ang kakayahan ng mag-aaral na mag-ambag sa pananaliksik. Batay sa natuklasang pag-aaral, may aspeto man na magkaiba ang kakayahan ng babae at lalaki ngunit hindi dapat ibinibigay ang malaking diin sa kasarian bilang batayan ng kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral. Bukod dito, sinuri rin ni Nissen (2019) ang kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral na lalaki at babae. Sa kanyang pag-aaral nakapagtala siya ng mga resulta na nagpapakita ng walang kaibahan ang kasarian sa paniniwala na mapagtagumpayan ang isang pananaliksik. Ginamit niya ang sarbey upang makuha ang mga datos. Ang mga resultang ito ay sumusuporta sa ideya na hindi dapat batayan ang kasarian sa pagtatasa ng paniniwala sa kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral.

Dagdag pa sinsuportahan din ito sa pag-aaral ni Tiyure (2018) lumalabas sa kanilang resulta na walang kahit anong nakikitang kaibahan ang lalaki at babae sa pagsasagawa ng pananaliksik. Nangangahulugan lamang na walang pagkakaiba sa sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral batay sa kasarian.

**Pagkakaiba ng Sariling Kakayahan sa Pananaliksik batay sa Lebel ng Taon**

Ang pag-aaral ay nagpapakita na walang pagkakaiba sa kanilang paniniwala sa kakayahan sa pananaliksik batay sa lebel ng taon. Sa pag-aaral nina Camara et al. (2021) binibigyan diin nila ang mga matanda kabilang na ang nasa ikatlo at ikaapat

na taon sa kolehiyo ay may kapani-paniwalang ebidensya ng pagiging epektibo sa sarili sa pananaliksik. Nangangahulugan lamang na walang pagkakaiba ang sariling kakayahan ng mga mag-aaral batay sa lebel ng taon.

Karagdagan, bagaman lumabas sa pag-aaral nina Seng et al. (2020) na may pagkakaiba sa *research self-efficacy* ng mga mag-aaral na kung saan nakita sa resulta na mas mataas ang research self-efficacy ng mga mag-aaral sa ikatlong taon kumpara sa ikaapat na taon. Nagpapahiwating ito na maaring magkaroon ng pagkakaiba ang isang *research self-efficacy* dahil sa mga paktor na nakapalibot kapag pagbabatayan ang lebel ng taon.

Bukod dito, sinuportahan nina Rezaei at Zamani (2013) na mayroong pagkakaiba sa *research self-efficacy* ng mga mag-aaral sa ikatlo at ikapaat na taon. Ito ay nangangahulugang may mga pagkakaiba sa kakayahan sa pagsasagawa ng pananaliksik ng mag-aaral dulot ng mga maaring salik sa paggawa ng pananaliksik. Kahit na magkadikit lamang ang taong ito, inikonsidera nito ang mga salik sa pagkakaroon ng kaibahan sa *research self-efficacy* ng dalawang taon.

## KONKLUSYON

Batay sa resulta, ang respondente mula sa mag-aaral sa programang edukasyon na nasa ikatlo at ikaapat na taon ng KCAST ay pinaboran na ang paniniwala sa kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral ayon sa: praktikal na kakayahan sa pananaliksik, pagsusulat ng papel para sa publikasyon sa isang dyornal, kwantitatibong at kasanayang pangkompyuter, kasanayan sa disenyo ng pananaliksik ay palaging naipapakita ang kumpiyansa at ginagamit ng mag-aaral.

Gayunpaman, ayon sa nakuhang datos ng pag-aaral makikitang sinang-ayunan naman ng mga respondante na ang paniniwala sa kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral ay palagi ring naipakita at ginagamit ng mag-aaral. Nakikita sa nakuhang resulta na ang mag-aaral ay may pantay-pantay na kakayahan sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Ipinapakita sa pangkalahatang resulta na walang pagkakaiba ang sariling kakayahan ng mag-aaral sa programang edukasyon batay sa kanilang kasarian at lebel ng taon. Ang resulta o kabuoang means sa sariling kakayahan sa pananaliksik ng mga mag-aaral batay sa kanilang kasarian at lebel ng taon ay parehong "lubhang mataas" kung ilalarawan. Ipinapahiwatig nito na ang baryabol na paniniwala sa sariling kakayahan sa pananaliksik ay parehong hindi nakaaapekto sa mag-aaral. Ito ay nagpapatunay na walang pagkakaiba sa kasarian at lebel ng taon.

## REKOMENDASYON

Dahil ang resulta sa pag-aaral na ito ay nagpapakita ng may lubhang mataas na antas ng paniniwala sa kasanayan sa pananaliksik ng mag-aaral sa ikatlo at ikaapat na taon sa programang edukasyon ng KCAST. Partikular sa pagsusulat ng papel para sa publikasyon na nakakuha ng pinakamababang *mean* ngunit mailalarawan din bilang lubhang mataas. Inihayag ng mananaliksik na mas bigyan tuon pa ang pagkakaroon ng aktibidad gaya na lamang ng *seminar workshop* na makapag bibigay sa mga mag-aaral ng tiwala o kumpiyansa sa sarili hinggil sa pagsusulat ng papel para sa publikasyon sa isang dyornal na kung saan makapagbibigay ng mataas na paniniwala sa sariling kakayahan sa pananaliksik. Dagdag pa iminungkahi rin ng mananaliksik na ipagpapatuloy ang pagpapalawak at paunlarin pa ang kakayahan sa pananaliksik ng mag-aaral upang mas mapanatili ang kumpiyansa sa sarili sapagkat malaki ang papel nito upang sila ay mahikayat na mapagtagumpayan ang isang gawaing pananaliksik.

Iminungkahi rin ng mananaliksik na ang mga guro ay maaring pagtuunan pa ng pansin ang pagtuturo sa mag-aaral sa tuntunin ng pananaliksik at pagbibigay ng gawaing may kinalaman sa pananaliksik nang mas mahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri. Maari ring ipagpatuloy ang pagsasagawa ng *seminar workshop*, oryentasyon sa mga mag-aaral sa mga naunang taon upang pahusayin ang kanilang angking kakayahan sa pananaliksik. Ang ganitong kaganapan ay maari rin magbigay ng adbentahe sa kaalaman sa pananaliksik at pagkakataon sa pakikipagkapwa ng mag-aaral na magreresulta sa mataas na paniniwala ng kakayahan sa gawaing pagsusuri.

Gayundin, iminungkahi ng mananaliksik ang pagpapalaganap ng kamalayan tungkol sa walang mas mahusay o magaling pagdating sa paniniwala sariling kakayahan sa pananaliksik batay sa kasarian at lebel ng taon. Dagdag pa rito, sa pamamagitan ng pagbibigay-diin na walang pagkakaiba sa paniniwala sa sariling kakayahan sa pananaliksik sa lahat ng kasarian at lebel ng taon, magkaroon ng mas mataas na tiwala sa sarili nang walang takot sa diskriminasyon o paghuhusga.

Higit pa, iminumungkahi rin ng mananaliksik na magkaroon pa nag ganitong pag-aaral hinggil sa paniniwala sa kakayahan sa pananaliksik na kung saan ang mga partisipante ay mula sa mga nauunang antas ng pag-aaral sa kolehiyo. Nag sa ganun ay mas makita kung may pagkakaiba ba ng *research self-efficacy* sa mga mag-aaral sa unang lebel.

Sa paraan ng pagpapatupad ng mga rekomendasyong ito, mas malawak na mabibigyan pansin at patuloy na pagpapaunlad ang kakayahan sa pananaliksik. Ito ay makakatulong sa kanilang tagumpay sa loob at silid ng paaralan, maging sa kanilang personal na pag-unlad at paghahanda tungo sa personal na buhay.

## TALASANGGUNIAN

1. *Asenahab, B. M. (2019). A Guide to selecting appropriate research design. Sematic Scholar, (8). https://www.semanticscholar.org/paper/Design-%3A-A-Guide-to-selecting-appropriate researcAsenahabi/16f41c4472a8b99a3ea46e874071092f87a7d9f4?fbclid=IwAR2kWnbS1EzLjoG5-_8qX2tx_kq2GwFJ_l9uKRh8NVJ8qkOuXo-d9f7U0FA*
2. *Bandura (1997). The Road to Researcher: The Development of Research Self-Efficacy in Higher Education Scholars. Semantic Scholar, (21). doi:https://digitalcommons.unl.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1093&context=cehsedadfacpub&fbclid=IwAR0w68u0OKTE*

*dupFHxTN-WpR4nt2qcdF61-w3SFmU_CesZJ50UinjO1XchE*

3. *Busse C, August E. (2021). How to Write and Publish a Research Paper for a Peer-Reviewed Journal. Journal of Cancer Education. doi:https://link.springer.com/article/10.1007/s13187-020-01751z?fbclid=IwAR34oC8Ku5mROFySx9Ko4oNlNwshBHhypmB2LHMW3qi0uv8pyikD3Q1bhSg*
4. *Camara, Jun S. and Oclay, Agnes D. and Guinto, Vemma Mae R. and Lapeñas, Terence M. and Manaois, Adrian R. and Bernardo, John V., Research Self-Efficacy of Adult Learners After Philippines' K to 12 (January 4, 2021). https://ssrn.com/abstract=3760953 orhttp://dx.doi.org/10.2139/ssrn.3760953*
5. *Creswell. (2018). Research design: the methodology for interdisciplinary. Crossmark journal, (17). doi:https://link.springer.com/content/pdf/10.1007/s11135-017-0513-8.pdf*
6. *Denzin & Lincoln,Y. (2011). The SAGE handbook of qualitative research. SAGE.*
7. *Elihami, Ismail (2019). Investigating the Students' Weaknesses in Writing Academic Papers. Advances in Social Science, Education and Humanities Research, 509, (7). doi:file:///C:/Users/USER/Downloads/125949388.pdf*
8. *Ellis, P. (2023). Writing up research for publication. British Journal of Healthcare Assistants, 17, (10) . doi:https://doi.org/10.12968/bjha.2023.17.10.380*
9. *Ellis, M. (2023). The Ultimate Guide to Writing a Research Paper. doi:https://www.grammarly.com/blog/how-to-write-a-research-paper/?fbclid=IwZXh0bgNhZW0CMTAAAR09AGylf7DjgCDAa0vd2Ml96lLvHgGr7*
10. *Garrido G. (2023). Bandura's Self-Efficacy Theory Of Motivation In Psychology. Psychology Social Science. doi:https://www.simplypsychology.org/self-efficacy.html.*
11. *Halpren, D. &. (2019). The Cambridge Handbook of Intelligence , pp. 317 - 345. doi: https://doi.org/10.1017/9781108770422.015.*
12. *Harris. (2019). Human Factors and Usability for Health Information Technology: Old and New Challenges. Year book of medical informatics. doi:10.1055/s-0039-1677907.*
13. *Hill H, Zwahr J, Gonzalez A. (2022). Evaluating Research Self-Efficacy in Undergraduate Students: Experience Matters. Journal of the Scholarship of Teaching and Learning, 22, (14). doi:https://scholarworks.iu.edu/journals/index.php/josotl/article/view/31203/37598.*
14. *Lachance K, et al. (2020). Self-Efficacy and Performance of Research Skills among First-Semester Bioscience Doctoral Students. CBE – Life Sciences Education, 19. doi:10.1187/cbe.19-07-0142*
15. *Lachance K, Heustis R, Laparo J, Venkatesh M. (2020). Self-Efficacy and Performance of Research Skills among First-Semester Bioscience Doctoral Students. Life Sciences Education, 19 (3). https://doi.org/10.1187/cbe.19-07-0142.*
16. *Lacson E, Dejos E. (2018). Research Skills Scale for Senior High School Students: Development and Validation. Psych Educ, Document. (9) doi:10.5281/zenodo.6727946, ISSN 2822-4353.*
17. *Mccombes 2019. (2024). Types of Research Design in 2024: Perspective and Methodological Approaches. research. doi:https://research.com/research/types-of-research-design?fbclid=IwAR3iD8YYYovxe7cTdKcbEA0qmYC246ZEg5Rh90E2Wh0q_szB3auWc53bD7k.*
18. *Maydin F. et, al. (2021). Research Collaboration: Enhancing the Research Skills and SelfConfidence of Early Career Academics . Asian Journal of University Education. Retrieved from https://doi.org/10.24191/ajue.v17i3.14508*
19. *Nissen, J. (2019). Gender differences in self-efficacy states in high school physics. PHYSICAL REVIEW PHYSICS EDUCATION RESEARCH 15, 013102. doi:DOI: 10.1103/PhysRevPhysEducRes.15.01310.*
20. *Poh R, Abdul G, Abdullah K (2019). Factors Influencing Students' Research Self-Efficacy: A Case Study of University. Eurasian Journal of Educational Research, 82, (31). doi:https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1223661.pdf.*
21. *Rezaei, M. & Zamani, N (2013). The Relationship Between Research Self-Efficacy, Research Anxiety and Attitude Toward Research: A Study of Agricultural Graduate Students. Journal of Education and Instructional Studies in the World. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/369927748_*
22. *Sasson I, Miedijensky S. (2023). Research Performance: A View of Research Self-Efficacy, Interest, and Gender. mdpi. doi:https://doi.org/10.3390/educsci13121166.*
23. *Seng C, Carlon M, Cross J. (2020). Research Self-Efficacy of Cambodian Undergraduate Students at Province-Based Universities. International Journal of Sociology of Education, (190). doi:10.17583/rise.2020.4267.*
24. *Sileyew, K. (2019). Research Design and Methodology. Cyberspace, (10). doi:10.5772/intechopen.85731.*
25. *Singh, S. (2023). What is Research Design? Understand Types of Research Design, with Examples. doi:https://researcher.life/blog/article/what-is-research-design-types examples/?fbclid=IwZXh0bgNhZW0CMTAAAR322I3jugU1Hh-83Jz3GhoyFepDy7wre9IJ1o8bGWC-YIvmKrSaBwtIL4I_aem.*
26. *Soland, J. (2019). Modeling academic achievement and self-efficacy as joint developmental processes: Evidence for education, counseling, and policy. Journal of Applied Developmental Psychology, 65, Article 101076. https://doi.org/10.1016/j.appdev.2019.101076.*
27. *Stopar K, Bartol T. (2018). Digital competences, computer skills and information literacy in secondary education: mapping and visualization of trends and concepts. Researchgate, (15). doi:10.1007/s11192-018-2990-5.*
28. *Seraji F. et, al. (2017). The Relationship Between Technological Research Skills and Research Self-Efficacy of Higher Education Students. Interdiscip J Virtual Learn Med Sci. 2. doi:10.5812/ijvlms.11893.*
29. *Tetzner, R. (2021). How To Write a Research Paper for Journal Publication. Academic And Scientific Proofreading Services / Advice & Discussions On Preparing & Submitting Journal Articles For Publication / How To Write A Research Paper For Journal Publication, (5). doi:https://www.proof-reading-service.com/en/blog/write-research-paper-journal-publication/?fbclid=*
30. *Tiyuri A, (2018) Saberi B, Miri M, Shahrestanaki E, Bayat B, Salehiniya H. (2018). Research self-efficacy and its relationship with academic performance in postgraduate students of Tehran University of Medical Sciences. J Educ Health Promot, 7, (11). doi:10.4103/jehp.jehp_43_17.*
31. *Thakur, H. (2021). Research Design. Researchgate, (7). doi:https://www.researchgate.net/publication/353430802_Research_Design?fbclid=IwAR0valeP3wGsa_cALq6w2pKhHIknf1Qojrx6I6uMvab3Ivc7J67auj2Opig.*

32. *Usher, E.L., Ford, C. J., Li, C. R., & Weidner, B.L. (2019). Source of math and science self-efficacy in rural Appalachia: A convergent mixed method study. Contemporary Educational Psychology , 57, 32-53. doi:10.1016/j.cedpsych.2018.10.003*
33. *Wahome, C, Seed S. (2024). Self-Efficacy: Examples and Benefits.doi:https://www.webmd.com/balance/what-is-self-efficacy.*
34. *Wajid, U. &. Jami, H. (2020). Research Self-Efficacy Among Students: Role of Metacognitive Awareness of Reading Strategies, Research Anxiety, and Attitude Towards Research. Pakistan Journal of Psychological Research, 35. doi:10.33824/PJPR.2020.35.2.15*
35. *Wright, A. & Holttum, S.(2018). Gender identity, research self-efficacy and research intention in trainee clinical psychologists in the UK. Wiley online library. doi: https://doi.org/10.1002/cpp.732.*